ANG **Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 24
Disyembre 21, 2019
www.cpp.ph





**EDITORYAL**

# Pag-ibayuhin ang demokratikong pakikibaka sa 2020

Walang lubay na pahirap ang idinulot ng rehimen ni Rodrigo Duterte nitong 2019. Sunud-sunod ang hambalos ng mga pahirap at anti-mamamayang patakaran nito sa kabuhayan at kagalingan ng mamamayang Pilipino. Pinasahol nito ang dati nang masisidhing suliranin ng disempleyo at kawalan ng mapagkakakitaan at seguridad sa trabaho, mababang sahod, kawalan ng lupa at dislokasyon, mataas na presyo ng bilihin at serbisyong panlipunan, pagkabulok ng mga pampublikong yutilidad at pagkawasak ng kapaligiran.

Simula pa lamang ng taon, ipinatupad ng rehimen ang dagdag na buwis sa mga produktong petrolyo. Tumaas nang abereyds na P1/litro ang presyo ng gasolina, *diesel* at gas. Dahil dito, at sa nauna nang ipinataw na mga buwis, nananatiling mataas ang mga presyo ng pagkain at iba pang batayang bilihin sa buong taon. Walang silbi ang ipinagmayabang ng rehimen na bumagal na ang tantos ng implasyon.

Sa kanayunan, patuloy na sumasadsad ang krisis sa agrikultura at sumasahol ang kabuhayan ng masang magsasaka. Tumama ang tagtuyot na sumira sa mga palayan at maisan. Umabot sa P8 bilyon ang halaga ng mga produktong napinsala na umapekto sa may 250 libong magsasaka sa buong bansa. Labis na pagkalugi ang dinaranas ng mga magsasaka nang bumagsak ang presyo ng palay sa gitna ng taon dulot ng pagsasabatas ng liberalisasyon ng bigas. Walang kaparis din ang pagbagsak ng presyo ng kopra. Lalong kumitid ang dati nang mababang produksyon sa agrikultura dahil sa pagdagsa ng *imported* na bigas at iba pang mga produkto, at pagliit ng demand sa eksport.

Sa pambansang kabisera, milyun-milyong naninirahan ang pineperwisyo ng lubhang pagkabulok ng mga pampublikong imprastruktura at yutilidad. Pumutok ang krisis sa tubig nang nasagad ang limitado at sira-sirang pasilidad na ilang dekadang pinatatakbo ng mga pribadong kumpanya. Sinundan ito ng paglala ng problema ng transportasyon nang masira ang sistema ng tren sa kalagayang masisikip na ang daan at sobra-sobra na ang mga pribadong sasakyan sa mga lansangan. Pinatampok ng krisis na ito ang matinding pagsisiksikan sa mga

*"Pag-ibayuhin...," sundan sa pahina 2*

*"Pag-ibayuhin...," mula sa pahina 1*

syudad na idinulot ng tuluy-tuloy na dislokasyon at kawalan ng hanapbuhay sa kanayunan.

Sa gitna ng lahat nang ito, walang inatupag si Duterte kundi magmaniobra para masolo at mapalawig ang kapangyarihan ng estado at tiyakin ang maksimum na pakinabang ng kanyang pamilya at mga kaalyado. Batbat ng mga anomalya at kaso ng korapsyon ang iba't ibang ahensya ng gubyerno na pinamumunuan ng kanyang mga tauhan. Sumingaw ang pangungurakot ng mga upisyal ng militar at pulis, ang kanilang maruruming operasyon sa huwad na "gera kontra-droga" at ang kanilang mga kuneksyon sa malalaking kriminal na sindikato.

Ipinataw ni Duterte ang *de facto martial law* sa buong bansa noong Disyembre 2018 sa pamamagitan ng Executive Order 70. Itinatag ngayong taon ang masaklaw na makinarya nito sa anyo ng National Task Force na sistematikong nagreorganisa sa istruktura ng pamamahala. Ang buong burukrasya ng reaksyunaryong estado—mula sa Malacañang ay itinuon sa kampanya ng pagsupil at kontrainsurhensya.

Minaniobra ng pangkatin ni Duterte ang eleksyong *midterm* noong Mayo para lalong lumpuhin ang pulitikal na oposisyon at pagkaitan ng dati nang makipot na espasyo ang mga progresibong partido sa kongreso.

Sa ilalim ng pasismo ni Duterte, unti-unting inaagnas ang mga burges liberal na gayak ng huwad na demokratikong gubyerno. Walang puknat ang atake sa mga karapatan at kalayaan ng mamamayan, sa anyo ng kampanyang *Red-tagging*, pagmamanman at pag-iligalisa sa mga demokratikong pwersang maka-masa. Umarangkada ang walang pakundangang pamamaslang, partikular sa isla ng Negros, sa prubinsya ng Bukidnon, Sorsogon, Masbate at iba pa. Sunud-sunod at maramihan ang mga pag-aresto, pagsasampa ng gawa-gawang kaso at matagalang pagkukulong. Hindi bababa sa 600 na ang mga bilanggong pulitikal. Liban sa masang anakpawis, tinarget ni Duterte ang kabataan, propesyunal, kagawad ng midya, mga taong simbahan at mga upisyal ng lokal na pamahalaan na nagpamalas ng paglaban sa kanyang rehimen.

Ipinatupad ni Duterte ang sustenido at pokus na mga operasyong kombat sa mga prubinsya at erya na target na ibenta o igawad sa dayuhang korporasyon at pinaborang mga burgesya kumprador. Pinalaki niya ang reaksyunaryong armadong hukbo at itinayo ang daan-daang detatsment militar para pagkaitan ng potensyal at aktwal na baseng masa ang BHB. Gumamit siya ng modernong mga armas at gamit-militar na nagwaldas ng milyun-milyong pampublikong pondo sa tangkang sindakin ang mamamayan sa kanayunan at mga yunit ng BHB.

Sa gitna ng walang patid na pang-aatake, nanatiling matatag ang mga demokratikong pwersa sa paglaban sa rehimen. Nitong taon, nagkaroon ng mga pagkilos sa loob ng mga eskwelahan, pabrika, sa harap ng mga upisina ng mga ahensya ng estado at sa sentrong lunsod para ipamalas ang kanilang pagtutol sa pasismo, pagtatraydor, pagnanakaw at pagpapahirap ng naghaharing rehimen. Naninindigan ang mga patriyotikong pwersa laban sa dayong pangangamkam sa yaman at rekurso ng bansa sa karagatan at kalupaan. Nilalabanan ang mga mapandambong at mapangwasak na mga proyektong dam, at iba pang imprastrukturang sumisira sa kabuhayan ng masa. Kumilos ang mga magsasaka, manggagawa, kabataan, guro, drayber at iba pang sektor para igiit ang kanilang demokratiko at makatarungang mga kahilingan. Naisampa ang mga kaso sa loob at labas ng bansa para papanagutin si Duterte at kanyang mga kasapakat.

Tuluy-tuloy ang pagpupursige sa kanayunan para igpawan ang matitinding bigwas ng kaaway.

*"Pag-ibayuhin...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo L Blg. 23 | Disyembre 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Pag-ibayuhin ang demokratikong pakikibaka sa 2020 1

Nakaw ng mga Marcos, ipinababalik 3

Mga Ampatuan, hinatulang nagkasala 3

Ang kilusan sa panahon ng kalamidad 4

Krisis sa karapatang-tao 5

Planong kampo sa Marawi, kinundena 5

OceanaGold, muling binigo 6

Mag-ama, pinatay sa ComVal 7

Trump, isinakdal 7

Krisis sa galunggong 8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Pag-ibayuhin...," mula sa pahina 2

Nananatiling nag-aalab ang diwa ng pagtatanggol ng nakamit nang mga tagumpay sa ilang dekada na ring mga pakikibaka para sa lupa, dagdag-sahod, makatwirang presyo sa pagbili ng mga produktong pang-agrikultura at at iba pa.

Sa darating na taon, dapat lalupang magpakatatag para mas epektibo at malawakang labanan ang mga pahirap na pakana ni Duterte. Dapat sentruhan ang pinakasaligang mga usaping pang-ekonomya at pangkabuhayan na nakaapekto sa nakararaming mamamayan. Dapat buklurin ang masa at pakilusin sila upang sama-samang lutasin ang kanilang mga suliranin at labanan ang mga pang-aapi at pagsasamantala. Palawakin ang mga demokratikong organisasyon para maging daluyan ng makatarungang mga kahilingan habang pinalalakas ang paglaban sa tiraniya ng rehimen. AB

# Nakaw ng mga Marcos, ipinababalik

NAGLABAS ANG SANDIGANBAYAN (korteng lumilitis sa mga kaso laban sa mga pampublikong upisyal) ng desisyon noong Disyembre 19 na nagsasaad na kinakailangang ibalik ng pamilya ng dating diktador na si Ferdinand Marcos ang hindi bababa sa 146 na mamahaling obrang sining na iligal nitong kinamkam.

Ilan sa mga ito ay obra ng tanyag na mga pintor na sina Picasso at Van Gogh. Sa kabuuan, ang mga obra ay nagkakahalaga ng $24.3 milyon (o P1.2 bilyon sa palitang $1=P50.) Anang desisyon, imposibleng mabili ng mga Marcos ang mga obra gamit ang kanilang sariling yaman sapagkat napakalayo ng halaga ng mga ito sa kabuuang sinahod ng lahat ng mga pampublikong upisyal na kaanak ni Marcos na $304,372 o P1.5 milyon lamang.

Pinagbawalan ng korte ang mga Marcos na ibenta ang mga obra at inutusang tukuyin ang lokasyon ng mga ito. Para sa mga naibenta na, obligado ang mga Marcos na ipakita ang likidasyon o kwentahan ng mga transaksyon at bayaran ang mga ito.

Sa kabilang banda, ibinasura ng Sandiganbayan ang apat na kaso laban sa mga Marcos nitong taon. Kabilang dito ang Civil Case No. 002, isa sa mga pangunahing kaso laban sa pamilya. Ang kasong ito ay naglalayong mabawi ang P200-bilyong halaga ng mga deposito sa bangko, mga lupain at pag-aari, kapital sa negosyo sa ibang bansa, alahas, obrang sining at maluluhong kagamitan na pawang mula sa pagnanakaw ng pamilya ng dating diktador.

Ang ilan pa sa mga ibinasura ng korte ay ang mga kasong nais mabawi ang P102 bilyon, P1 bilyon at mahigit P267 milyon mula sa mga Marcos. AB

# Pamilyang Ampatuan, hinatulang nagkasala

Habambuhay na pagkakakulong ang hatol sa magkapatid na Datu Andal Ampatuan Jr. at Zaldy Ampatuan sa kaso ng Maguindanao Massacre. Ito ang desisyon ng Quezon City Regional Trial Court na desisyon ay inilabas noong Disyembre 19, mahigit isang dekada matapos ang krimen.

Hinatulan din ng habambuhay na pagkakakulong sina Datu Anwar Sajid Ampatuan, Datu Anwar Jr. at Datu Anwar, Sr. Bukod sa pamilyang Ampatuan, 23 pa ang hinatulan ng habambuhay na pagkakakulong, habang ang 15 na hinatulang kasapakat sa krimen ay makukulong ng anim hanggang 10 taon.

Sa hatol ni Judge Jocelyn Solis-Reyes, napatunayang maysala ang pamilyang Ampatuan sa brutal na masaker ng 57 katao noong Nobyembre 23, 2009 sa Ampatuan, Maguindanao. Mayorya sa mga biktima ay mga mamamahayag.

Inutusan din ng korte ang mga pangunahing akusado na magbayad ng danyos sa kaanak ng mga minasaker na tinatayang aabot sa P20 milyon kada biktima.

Pangamba ng mga pamilya, bagamat nahatulan na ang pangunahing utak sa krimen, malaya pa rin ang 80 suspek sa masaker. Hinihinalang pinoprotektahan sila ng mga Ampatuan.

Para sa mga grupo ng mamamahayag, itinuturing nilang tagumpay ang hatol ng korte at nangakong ipagpapatuloy ang kanilang panawagan para sa pagwawakas sa kultura ng inhustisya sa bansa. Binigyang pugay din nila ang tapang at determinasyon ng mga kaanak, mga abogado at saksi na nanindigan laban sa pamilyang Ampatuan.

Ang Ampatuan Masaker ang pinakamalalang kaso ng karahasan laban sa mga mamamahayag sa kasaysayan. Malaon nang kontrolado ng iilang makakapangyarihang angkan ang rehiyon ng ARMM, tulad ng pamilyang Ampatuan.

Ipinawalang-saysay naman ng korte ang kaso para sa danyos ng pamilya ng mamamahayag na si Reynaldo Momay, ika-58 biktima ng masaker. Hanggang sa kasalukuyan ay bigong makita ang katawan nito o maging ang kanyang kinaroroonan bagamat nakita ang ilang personal na gamit nito sa krimen. Samantala, magpapatuloy naman ang pamilya ni Momay sa paghahanap sa labi ng ama at panawagan para sa hustisya. AB

# Ang rebolusyonaryong kilusan sa panahon ng kalamidad

Isa ang Southern Tagalog (ST) sa matinding sinalanta ng nagdaang bagyong "Tisoy" noong huling bahagi ng Nobyembre hanggang nitong Disyembre. Bilang pagtugon sa mga nabiktima, nagsagawa ng mga operasyong *relief* at rehabilitasyon ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa rehiyon.

Sa panahon ng mga kalamidad at sakuna, pinakabulnerable ang masang magsasaka at anakpawis sa kanayunan. Kadalasang nakatirik ang kanilang mga bahay at komunidad malapit sa mga bundok, tabing-ilog at malalayong bukirin. Sa panahon ng sakuna, hindi sila inaabot ng kagyat na tulong at serbisyo, at pinakamatindi ay ang kawalang-tugon mula sa reaksyunaryong gubyerno.

**Tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan**

Tinutugunan ng BHB at buong rebolusyonaryong kilusan ang pangangailangan ng masa sa kanayunan sa panahon ng mga kalamidad. Sa pamamagitan ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at gubyernong bayan sa antas baryo hanggang distrito, pinakikilos ang lahat ng maaaring makatulong sa pangangalap ng pagkain, tubig, gamot at materyal mula sa mga kaalyado at kaibigan.

Binubuo ang mga kaukulang komite at brigada ng mga boluntir para sa mga kagyat na tulong, rehabilitasyon at pagkukumpuni ng mga nasirang kabahayan ng masa. Gayundin ang mga tim para sa pag-aasikaso ng mga nasirang pananim at pagsasaayos ng mga ito. Pinakikilos din ang mga komite sa kalusugan para tugunan ang mga pangangailangang medikal at mga operasyong medikal.

Bago pa man ang mga sakuna, inihahanda na ang masa sa pagharap sa anumang kalamidad at pagtugon dito. Tinuturuan ang taumbaryo ng mga dapat na gawin para maagang makapaghanda at makaiwas sa mga trahedya.

Isang halimbawa ang pag-iikot ng mga kinatawan ng gubyernong bayan para palikasin sa mas ligtas na lugar ang taumbaryo. Mayroong mga tim na tutulong sa mga pamilya sa paglikas at maging sa paghahanda ng kanilang bahay. Gayundin, sa abot ng makakaya ay ang pag-aasikaso sa mga bukirin at alagang hayop ng mga magsasaka.

Kabilang din sa mga hakbangin ng gubyernong bayan ang pagbubuo ng mga komite para sa kalamidad, komite sa pangangalap ng tulong at donasyon, ng mabilisang pagtugon, komite sa rehabilitasyon at iba pa.

Posibleng magdeklara ng mga lokal na tigil-putukan ang mga yunit ng BHB para bigyan-daan ang ibang mga tulong mula sa mga sibil na organisasyon. Naglalabas din ng mga pahayag ng panawagan at pagsuporta sa nasalanta ang mga yunit ng hukbo sa antas larangan, maging ang Pambansang Komand sa Operasyon ng BHB at ang Partido Komunista ng Pilipinas.

Sa kabilang banda, isinasagawa ito ng rebolusyonaryong kilusan habang nananatiling mapagbantay sa posibleng pag-atake ng mga mersenaryo at pasistang tropa ng militar at pulis.

**Pagtugon ng BHB-ST pagkatapos ng bagyong "Tisoy"**

Sa Mindoro, kung saan maraming bayan ang binaha at maraming bahay at taniman ang nawasak dahil sa malakas na hangin, kagyat na kumilos ang Lucio de Guzman Command at mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Nangalap ang BHB at mga organisasyon ng pagkain, malinis na tubig at damit para sa mga biktima.

Inabot ng mga operasyong *relief* ng Pulang hukbo ang pitong bayan kabilang ang Bulalacao at Bansud sa Oriental Mindoro at limang bayan sa Occidental Mindoro. Sa Quezon, naglunsad ng mga operasyong *relief* ang mga yunit ng Apolonio Mendoza Command sa 22 bayan at ilang bahagi ng lunsod ng Lucena.

Ang mga makinaryang ito ang siyang nangangalap ng pondo at nakikipag-usap sa mga lokal na reaksyunaryong pamahalaan upang tugunan ang pangangailangan ng mga biktima ng mga bagyo. Tumulong din ang Pulang hukbo sa pagsasaayos ng mga bahay at taniman ng mga masa sa mga apektadong erya. AB

---

*halaw sa* Kalatas*, Disyembre 2019*



Sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang tao

# Krisis sa karapatang-tao

Pamamaslang, iligal na pag-aaresto, tortyur, *Red-tagging*—ilan lamang ito sa mga kaso ng matinding paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Duterte. Sa ilalim ng batas militar sa Mindanao, walang pakundangan ang paghahasik ng teror ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at mga paramilitar, gayundin ang PNP at mga *death squad*.

Gamit ang Executive Order 70 at Memorandum Order 32, lansakang nanalasa sa mamamayan ang mga pwersa ng estado sa buong bansa, laluna sa mga rehiyon ng Mindanao, at mga bayan sa Negros, Samar at Bicol. Ginamit ng AFP at PNP ang estilong-Tokhang sa mga pinapaslang na magsasaka at lider-masa, nagpapakalat ng disimpormasyon at nakalalasong propaganda sa mga paaralan, komunidad at *social media*. Kamakailan, nagpahayag si Sec. Delfin Lorenzana na maaari na umanong tanggalin ang batas militar sa Mindanao kapalit ang pag-amyenda sa Human Security Act.

Ayon kay Tinay Palabay, pangkalahatang kalihim ng Karapatan, sa halip na tugunan ang kanilang pagkukulang, mas abala ang rehimeng Duterte sa pamamamaslang at pagpapatahimik sa sinumang nagbibitbit ng panawagan ng mamamayan at mga isyung pambayan.

Sa datos ng Karapatan, may tinatayang 2,370 na tagapagtaguyod ng karapatang-tao ang sinampahan ng gawa-gawang kaso ng rehimen mula 2016 hanggang 2019, pinakamataas sa loob ng mahigit isang dekada. Bukod dito, may 293 nang biktima ng pampulitikang pamamaslang, dagdag sa may 20,000 nasawi sa ilalim ng "gera kontra-droga" ni Duterte. Hindi bababa sa 540 ang mga bilanggong pulitikal.

**Paglaban para sa karapatang-tao**

Pinangunahan ng Karapatan at mga tagapataguyod ng karapatang-tao at kapayapaan ang protesta sa Maynila noong Disyembre 10, Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao. Nagsimula ang martsa mula Liwasang Bonifacio tungong Mendiola, Maynila. Giit ng mga progresibong grupo, may krisis sa karapatang-tao sa bansa.

Bago magtipon sa Liwasang Bonifacio, dumalo sa isang misa sa Sta. Cruz Church, Maynila ang mga kapamilya, tagasuporta ng mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao, kabilang na ang mga biktima ng "gera kontra-droga" ni Duterte.

Libu-libo ang nakiisa sa protesta, panawagan nila ang hustisya at makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Kabilang sa programa sa Mendiola ang pagsunog ng effigy na kanilang tinawag na "Halimaw sa Cauldron."

Sa Cagayan Valley, kinundena ng Karapatan ang Joint Campaign Plan Kapanatagan at EO 70 ni Duterte, anila, ang mga patakarang ito ang nagbigay laya sa rehimen at mga alipures nito na magpataw ng *de facto* batas militar sa bansa. Nagkaroon din ng katulad na protesta sa Baguio City.

Sa Pangasinan, nagtipon ang mga taong-simbahan sa Aglipay Central Theological Seminary sa Urdaneta City. Sa kanilang misa, bi-

*"Krisis...," sundan sa pahina 5*

# Planong pagtatayo ng kampo-militar sa Marawi, kinundena

Mariing kinundena ng Suara Bangsamoro ang planong pagtatayo ng bagong kampong militar sa Marawi City. Para sa grupo, ang planong ito ay panibagong paglabag sa karapatan ng mamamayang Moro, matapos pulbusin ng rehimeng Duterte ang syudad.

Sa kanilang pahayag noong Disyembre 17, binigyan ng grupo ng diin na hindi hihilom sa dinanas ng mamamayang Maranao na pasakit ang itatayong kampo. Lalo lamang nitong patitindihin ang kanilang galit laban sa tiranikong gubyerno na pumaslang sa libu-libong sibilyan, yumurak sa kanilang relihiyon at kultura at nagpalayas sa mamamayan ng Marawi.

Sa halip na tugunan ang hinaing ng mamamayang Moro, nagpahayag pa si Sec. Delfin Lorenzana na magpadala na lamang ng mga imbestigador upang malaman ang 'tunay' na damdamin ng residente. Kung mapatunayan na tutol sila, maghahanap na lamang umano sila ng ibang lugar sa loob ng Marawi.

Samantala, nanawagan naman ang Sandugo Movement of Moro and Indigenous Peoples for Self Determination na imbestigahan ang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng mga pwersa ng estado mula nang maipatupad ang batas militar sa Mindanao. Ito ay matapos na ianunsyo ni Duterte na wala na umano itong plano na palawigin pa ang batas militar sa isla. Nakatakdong matapos ito sa Disyembre 31, 2019.

Sa tala ng mga grupo ng karapatang-tao, mula nang maipataw ang batas militar, nadagdagan ng 162 ang bilang ng ekstrahudisyal na pamamaslang, 704 kaso ng gawa-gawang kaso, 284 kaso ng arbitraryong detensyon at pag-aresto, mahigit isang libong biktima ng pambobomba at sapilitang pagbakwit ng mahigit kalahating milyon katao. AB

*"Krisis...," mula sa pahina 4*

nigyang diin nila ang pagtatanggol sa buhay, kabuhayan at karapatan. Samantala, pinangunahan naman ng Bayan-Camarines Sur ang paggunita sa ika-71 taon ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang Tao. Tampok sa programa ang panawagan para tugunan ang pangangailangan ng biktima ng bagyong Tisoy at hustisya sa pagsalanta ng apat na taong tiraniya at diktadura ni Duterte sa mamamayang Bicolano. Nagkaroon din ng katulad na programa sa Sorsogon, Masbate at Legazpi.

Sa Negros, lumahok ang 2,000 sa protesta sa Bacolod Public Plaza. Sinunog dito ang isang *effigy* na naghahalintulad kay Duterte sa isang demonyong Santa Klaus, bitbit ang listahan ng *search warrant* para sa mga ligal at progresibong organisasyon na target ngayon ng *crackdown* ng rehimen. Naglunsad din ng koordinadong *noise-barrage* sa buong isla, kaisa ang mga simbahan sa Negros na nananawagan ng hustisya at pagwawakas ng pamamaslang sa isla. Nagkaroon din ng pagkilos sa Dumaguete City. Bago nito, naglunsad ng *peace caravan* ang Philippine Ecumenical Peace Platform-Panay patungong Bacolod City.

Sa Panay, pinangunahan ng Promotion of Church People's Response at BAYAN-Panay ang protesta ng mahigit 2,000 katao sa Sunburst Park, Iloilo. Nagkaroon din ng hiwalay na programa sa Antique, Capiz at Aklan.

Sa kabila ng pandarahas ng pwersa ng PNP, daan-daang magsasaka at mag-aaral mula sa iba't ibang bayan ng Northern Samar ang nagtipon sa Freedom Park, Catarman. Nagsagawa rin ng katulad na protesta sa Tacloban City.

Tinawag naman ng Karapatan-SMR na "Biyaheng Du30 Pasista Express" ang bitbit nilang *effigy* na simbolo ng pagsagasa ng rehimen sa karapatang-tao, partikular ng mga taga-Mindanao gamit ang kanyang mga instrumento ng pasismo at paggamit ng mga batas laban sa mamamayan. Kabilang sa tampok na kaso sa prubinsya ang pagdukot sa dating upisyal ng Karapatan na si Honey May Suazo, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, pagpapasara ng mga paaralang Lumad, pamamaslang at sapilitang pagpapasurender sa mga sibilyan at lider masa. Isinagawa ang protesta sa Freedom Park, Davao City. Nagkaroon din ng katulad na protesta sa Tandag City, Surigao del Sur at Butuan City, Agusan del Norte. AB

## DUMADALUHONG NA TERORISMO NG ESTADO SA ILALIM NI DUTERTE

**89** PAMPULITIKANG PAMAMASLANG

**117** ATAKE SA MGA KOMUNIDAD

**29** BIGONG PAGPASLANG

**333** ILIGAL NA PAG-ARESTO & DETENSYON

**1,999** PANDARAHAS & PAGBABANTA

**26,155** SAPILITANG PAGPAPALIKAS

**ULAT SA KARAPATANG-TAO**
ENERO-DISYEMBRE 21, 2019

*Ang mga datos na ito ay hango sa mga ulat ng Ang Bayan's (AB) hinggil sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na isinagawa ng mga ahente ng reaksyunaryong estado mula Enero hanggang Disyembre 21, 2019.*

*Basahin ang kabuuang taunang ulat ng AB hinggil sa sitwasyon ng karapatang-tao* (Dumadaluhong na terorismo ng estado sa ilalim ni Duterte) *sa www.cpp.ph.*

## OceanaGold, muling binigo ng mga residente

NANINDIGAN ANG MGA residente ng Didipio at ang lokal na pamahalaan ng Nueva Vizcaya na pigilan ang tangkang pagbalik sa operasyon ng OceanaGold Philippines, Incorporated sa kabila ng kautusan ng Department of Interior and Local Government na alisin ang kanilang mga tsekpoynt at barikada.

Noong Disyembre 16, hinarang ng Samahang Pangkarapatan ng Katutubong Magsasaka at Manggagawa Inc. ang trak ng OceanaGold na maghahatid sana ng gasolina para paganahing muli ang minahan. Nagsilbi namang gwardya ng trak ng kumpanya ang tropa ng 21st Maneuver Company ng Regional Mobile Force Battalion.

Ikalawang pagtatangka na ito ng OceanaGold na magpasok ng materyales sa minahan. Noong Oktubre 10, sinubukan ding pumasok ng isa sa mga kontraktor ng kumpanya subalit pinigilan ng mamamayan. AB

# Mag-amang magsasaka, pinatay sa Compostela Valley

Walang-awang pinatay ng mga ahente ng estado ang mag-amang sina Paterno Caso Sr., 71, at kanyang anak na si Dino, 35, noong Disyembre 12 sa Laak, Compostela Valley. Hinarang ang mag-ama ng tatlong armadong lalaking sakay ng dalawang motorsiklo sa Barangay Kapatagan bandang alas-5 ng umaga. Kasama ng mga biktima ang dalawa pang lalaking kapatid ni Dino na noo'y papunta sa kanilang sakahan.

Nagtangkang tumakas ang apat ngunit inabutan ng mga salarin ang may-edad nang si Paterno at ang may kapansanan na si Dino. Nang balikan ng mga nakaligtas na kapatid ang lugar kasama ang mga upisyal ng barangay, natagpuan ang mga bangkay ng mag-ama na may mga tama ng bala at may palatandaan ng pagpapahirap.

Nakita naman ang mga motorsiklo ng mga salarin sa kampo ng mga sundalo malapit sa lugar. Ang Compostela Valley ay saklaw ng operasyon ng 1001st IBde sa ilalim ni Col. John Oberio.

**Panununog**. Mga tauhan din ni Col. Oberio ang nasa likod ng panununog sa istasyon ng radyong 99.9 RP-FM sa Mawab, Compostela Valley noong gabi ng Disyembre 11. Dumating bandang alas-6 ang dalawang lalaking sakay ng motorsiklo at sinilaban ang gusaling kinalalagyan ng mga kasangkapang pambrodkas. Kabilang dito ang *radio transmitter, automatic voltage regulator* at mga kawad ng kuryente. Tinatayang aabot sa P1 milyon ang sinira ng mga salarin.

Ayon sa National Union of Journalists of the Philippines, bago ang panununog, tinangkang patayin ang tagapamahala ng istasyon na si Pat Lucero noong Oktube 11.

Sa Samar, binuntutan ng mga nakasibilyang sundalo si Frenchie Cumpio ng Eastern Vista, isang alternatibong pahayagan, noong Disyembre 13.

**Iligal na pag-aresto**. Matapos taniman ng baril at pasabog, iligal na inaresto ng mga sundalo ng 86th IB si Jan-Jan Cerios, 19, isang magsasaka sa Isabela. Inaresto siya nang walang mandamyento sa Sityo Binalla, Barangay San Carlos, Echague noong Disyembre 15 at dalawang araw na inilihim ng 86th IB. Nang ipinrisinta sa publiko noong Disyembre 17, pinalabas ng militar na myembro siya ng BHB at ikinulong sa Echague Municipal Police Station.

Sa Negros Oriental, iligal ding inaresto ng mga sundalo ng 94th IB at PNP-Negros Oriental si Joven Pasibo noong Disyembre 15, alas-6 ng umaga sa Sityo Cambawgon, Guihulngan City. Dinala siya sa Guihulngan Police Station at pinagbantaang hindi palalayain kung hindi "susurender" ang kanyang ama na isang aktibong lider magsasaka.

Iligal ding inaresto ng PNP Special Action Force (SAF) at 63rd IB ang magsasakang si Christopher Mabag sa kanyang bahay sa Sityo Bagti, Barangay Mabini, Basey, Samar noong Disyembre 10. Tulad ng ibang kaso, tinaniman din ng ebidensyang mga baril at pasabog ang bahay ng biktima.

Dahil sa takot sa operasyong militar, napilitang lumikas ang lahat ng mga residente ng sityo tungong sentro ng barangay noong Disyembre 10. Mula pa noong Nobyembre 3 nililigalig na ng 63rd IB at SAF ang komunidad.

Lumikas din ang mga residente ng Sityo Dumasilag, Barangay Sta. Filomena, Quezon, Bukidnon noong Disyembre 2 dahil sa pagbabanta ng kumander ng 88th IB na si Lt. Col. Franklin Fabic na bobombahin nila ang komunidad kung hindi susurender ang mga residente bilang mga myembro at tagasuporta ng BHB.

Dumulog sa lokal na pamahalaan ang mga biktima ngunit tinanggihan sila ni Gob. Jose Maria Zubiri. Hindi bababa sa 113 residente, kabilang ang 35 bata, ang pansamantalang nakikituloy sa simbahan ng Iglesia Filipina Independiente sa sentrong bayan ng Kitaotao. AB

## Trump, isinakdal ng mababang kapulungan ng US

ISINAKDAL *(impeach)* NG US House of Representatives si US Pres. Donald Trump nitong Disyembre 19 dahil sa pag-abuso sa kapangyarihan. Matapos ang ilang linggong imbestigasyon, bumoto ang mayorya ng mga kinatawan pabor sa pagsasampa ng kaso laban sa kanya kaugnay ng pag-udyok niya sa Ukraine na imbestigahan ang kanyang posibleng makatunggali sa eleksyong 2020 na si dating Vice Pres. Joe Biden ng Democratic Party.

Kinasuhan din si Trump ng *obstruction of justice* dahil sa direktang pag-utos niya sa mga upisyal ng kanyang pamahalaan na huwag lumahok sa imbestigasyon ng kongreso hinggil sa *impeachment*.

Isasampa at didinggin ang kaso laban kay Trump sa US Senate. Para mapatalsik si Trump, kinakailangang bumoto ang dalawang-katlo (2/3) ng mga senador laban sa kanya. Inaasahang hindi uusad sa US Senate ang kaso laban kay Trump dahil dominado ito ng mga Republican na kapartido ni Trump (53 sa 100 Senador ay Republican, 45 ang Democrat, at dalawang *independent*).

Si Trump na ang ikatlong presidente ng US na na-*impeach* sa House of Representatives. AB

# Krisis sa galunggong, isinasangkalan para sa liberalisasyon

Muling isinangkalan ng rehimeng US-Duterte ang kakulangan sa suplay ng galunggong at kaalinsabay na pagsirit ng presyo nito para itulak ang todong liberalisasyon sa pag-aangkat ng nasabing produkto.

Ang galunggong ay itinuturing na isa sa mga batayang pagkain ng mga Pilipino dahil sa murang presyo nito. Tinagurian itong isda ng mahirap. Noong ikalawang linggo ng Disyembre, tumaas nang higit triple ang presyo nito mula sa abrereyds na P100/kilo tungong P300/kilo (P380/kilo sa Metro Manila). Ito ay dahil umano bumagsak ang dami ng huli ng galunggong dulot ng bagyong Tisoy noong unang linggo ng Disyembre. Pero bago pa nito, may pagliit na ng huling galunggong bunsod ng sobrang pangingisda ng malalaking lokal at dayuhang pangisdang komersyal. Mula sa 300,000 metriko tonelada o MT noong 2008, bumagsak ang kabuuang produksyon ng galunggong tungong 170,000 MT noong 2018.

Imbis na ipagbawal ang mapandambong na operasyon ng mga pangisdang komersyal, nagpatupad ang rehimen ng kontra-mahirap na tatlong-buwan na "fishing ban" (o pagbabawal sa pangingisda) sa Palawan na gumipit sa maliliit na mangingisda. Ang nasabing prubinsya ang pinagmumulan ng 90% ng suplay ng galunggong ng Metro Manila. Sa kabila ng pagbabawal, nagpatuloy ang malawakang operasyon ng mga pangisdang komersyal sa mga bahagi ng dagat na tinakdang bawal pangisdaan.

Sinadya ng rehimen na higit pang pasidhiin ang krisis na ito para bigyan-katwiran ang pagtanggal sa mga restriksyon sa pag-aangkat ng galunggong. Pangunahing aangkatin ito mula sa China at Vietnam.

**Pakanang neoliberal**

Ang pakanang ito ay bahagi ng neoliberal na mga repormang patuloy na ipinapataw ng World Trade Organization (WTO) sa Pilipinas sa bisa ng Agreement on Agriculture (AOA). Layunin ng mga repormang ito na wasakin ang kakayanan ng bansa sa lokal na produksyon ng mga produktong agrikultural, kabilang ang galunggong. Inilusot ito pagkatapos ng pagsasabatas ng liberalisasyon sa pag-aangkat ng bigas. Layunin umano nito na pababain ang presyo ng galunggong sa lokal na pamilihan.

Subalit gaya ng nangyari sa pangako ng rehimen nang ipatupad nito ang todong pag-aangkat ng bigas, tiyak na walang ibang idudulot ang pakanang ito kundi ang pagpatay sa lokal na industriya ng galunggong. Ang pagbaha ng inangkat na galunggong sa lokal na pamilihan ay tiyak na magreresulta sa pagkalugi ng lokal na mga mangingisda at kalauna'y pagsirit ng presyo nito. Matatandaang una nang inamyendahan ng rehimen ang Fisheries Administrative Order 195 noong ikatlong kwarto ng 2018 matapos na pumalo sa P200/kilo ang presyo ng galunggong. Pinahintulutan nito ang pag-aangkat ng 45,000 MT maliliit na isda, kabilang ang galunggong. Mula Setyembre hanggang Disyembre 2018, nag-angkat ang bansa ng hindi bababa sa 17,000 MT galunggong.

Ngayon pa lamang ay iniinda na ng mga mangingisda ang pambabarat sa kanila ng mga negosyante. Bagamat napakalaki ng itinaas ng presyo ng galunggong sa lokal na pamilihan, nananatiling P50/kilo ang abereyds na presyo nito kapag binibili sa kanila ng mga komersyante. Dagdag dito, pasan-pasan din ng mga mangingisda ang kawalan ng sapat na kagamitang pangisda. Imbis na maglaan ng sapat na subsidyo para sa subsektor, higit pang binabaon ng reaksyunaryong estado ang mga mangingisda sa kahirapan sa pamamagitan ng mga pautang na may napakataas na interes.

Sa harap ng pananalasa ng pakanang ito sa kanilang kabuhayan, nanawagan ang Pamalakaya sa publiko na iboykot ang *imported* na mga galunggong na binansagan nitong "fishona non-grata" (isdang hindi tanggap). Binatikos din ng National Federation of Peasant Women (Amihan) ang walang kahabag-habag na pahayag ni Sen. Cynthia Villar, tagapangulo ng Komite sa Agrikultura ng Senado, na "kumain na lang ng gulay kung hindi kayang bumili ng isda." Anila, "imbis na tugunan ang umano'y kakulangan sa suplay ng galunggong at pagsirit ng presyo nito, inuna pa ni Villar na maglabas ng iresponsableng pahayag." AB

